The City of SAN DIEGO

# OPISYAL NA PAUNAWA

## ORDINANSA SA PINAKAMABABANG SAHOD SA SEKTOR NG HOSPITALITY

Kodigong Munisipal ng San Diego Kabanata 3, Artikulo 12, Dibisyon 1

## MGA HALAGA NG PINAKAMABABANG SAHOD

Petsa ng Pagkabisa: Hulyo 1, 2026

**MGA HOTEL AT PARKE NG LIBANGAN:**
$19.00 KADA ORAS

**MGA SENTRO PARA SA KAGANAPAN:**
$21.06 KADA ORAS

---

Ang lugar ng trabahong ito ay napapailalim sa Ordinansa sa Pinakamababang Sahod sa Sektor ng Hospitality ng Lungsod ng San Diego. Ang batas na ito ay nagtatatag ng pinakamababang sahod para sa ilang empleyado ng mga employer sa sektor ng hospitality sa Lungsod ng San Diego at nagbibigay ng mga proteksyon para sa mga empleyadong iyon.

### ANG IYONG MGA KARAPATAN

- Dapat kang mabayaran ng hindi bababa sa naaangkop na pinakamababang sahod para sa lahat ng oras na trinabaho.
- Saklaw ka kung nagtatrabaho ka nang hindi bababa sa dalawang (2) oras sa isang linggo ng trabaho sa loob ng Lungsod ng San Diego para sa saklaw na employer sa sektor ng hospitality.
- Hindi maaaring maghiganti ang mga employer laban sa iyo dahil sa paggigiit ng iyong mga karapatan, pagsasampa ng reklamo, o pakikibahagi sa imbestigasyon.

### KASAMA SA MGA EMPLOYER SA SEKTOR NG HOSPITALITY ANG

- Mga hotel na may 150 o higit pang mga silid ng panauhin
- Mga Sentro para sa Kaganapan: Petco Park, Pechanga Arena, San Diego Convention Center, Civic Theatre
- Mga Parke ng Libangan na may hindi bababa sa 75 magkakatabing acre at pinatatakbo sa ilalim ng kasunduan sa Lungsod ng San Diego
- Saklaw din ng batas na ito ang mga empleyado ng mga kontratista, vendor, nangungupahan, at mga tagapagkaloob ng serbisyo na nagpapatakbo sa mga lokasyong ito sa loob ng 30 araw o higit pa sa isang taon ng kalendaryo.

### KAILANGAN NG TULONG O GUSTONG MAGSAMPA NG REKLAMO?

Maaaring magsampa ng reklamo ang mga empleyado sa Lungsod o magsampa ng kasong sibil laban sa kanilang employer. Makipag-ugnayan sa Office of Labor Standards and Enforcement para sa tulong:

Website: sandiego.gov/MinimumWage

Telepono: (619) 235-5912

Email: SDMinWage@sandiego.gov

**DAPAT MAGPASKIL ANG MGA EMPLOYER KUNG SAAN MADALING MABASA NG MGA EMPLEYADO. ANG MGA LALABAG AY SASAILALIM SA MGA PARUSA**